7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuwarter 3

Aralin

7

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

Modelong Banghay-Aralin sa Values Education 7
Kuwarter 3: Aralin 7 (Linggo 8)
TP 2024-2025

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- James Cesar A. Metiam (Mariano Marcos State University)

**Tagasuri:**
- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

**Mga Tagapamahala**
Philippine Normal University
Research Center for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph

**VALUES EDUCATION/ IKATLONG KUWARTER / BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa impluwensiya ng kasaysayan ng bayan sa pakikipagkapuwa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga kilos na nagpapahalaga sa impluwensiya ng kasaysayan ng bayan sa pakikipagkapuwa upang malinang ang maingat na paghuhusga. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa maingat na paghusga sa pamamagitan ng pagbibigay-kahulugan sa mga ugnayang nahinuha sa kasaysayan at kasalukuyang panahon batay sa mga mapagkakatiwalaang datos o impormasyon.<br>a. Nailalarawan ang impluwensiya ng kasaysayan ng bansa sa pakikipagkapuwa.<br>b. Napatutunayan na ang impluwensiya ng kasaysayan ng bayan sa pakikipagkapuwa ay nagbubukas ng kamalayan sa mga ugnayang lumilinang ng mabuting pagka-Pilipino na magsisilbing batayan sa pagharap sa mga isyu ng bayan.<br>c. Naisasakatuparan ang mga kilos na nagpapahalaga sa impluwensiya ng kasaysayan ng bansa sa pakikipagkapuwa. |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be Developed)** | Maingat na Paghuhusga (*Prudence*) |
| **E. Nilalaman** | Pakikipagkapuwa Batay sa Impluwensiya ng Kasaysayan ng Bayan<br>A. Impluwensiya ng Kasaysayan sa Pakikipagkapuwa<br>B. Impluwensiya ng Kasaysayan sa Pagiging Mabuting Pilipino Tungo sa Pagharap sa mga Isyu ng Bayan<br>C. Pagsasakilos ng mga Pagpapahalagang may Kaugnayan sa Pakikipagkapuwa mula sa Kasaysayan |
| **F. Integrasyon** | Batas |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|


Filipino Character and Personality (w.p.). Facts and Details. https://factsanddetails.com/southeast-asia/Philippines/sub5_6c/entry-3867.html

Ki in Educational (2020, November 13). Maingat Na Paghusga Halimbawa At Kahulugan Nito. https://philnews.ph/2020/11/13/maingat-na-paghusga-halimbawa-at-kahulugan-nito/

Mabaquiao, Napoleon Jr. (2008). Globalisasyon, Kultura, at Kamalayang Pilipino. Malay. 19. 10.3860/malay.v19i3.392. DOI:10.3860/malay.v19i3.392

Mga Kababaihan sa Likod ng Kasaysayan." (w.p.). DWIZ 882 AM. https://www.dwiz882am.com/index.php/mga-kababaihan-sa-likod-ng-kasaysayan/

Queblatin, S. (2020). Bayanihan: The Gift of Community in Disaster Recovery in the Philippines. Soil, Soul, Story. https://medium.com/soil-soul-story/bayanihan-the-gift-of-community-in-disaster-recovery-in-the-philippines-9c4d30211f23/

Rubric sa Paggawa ng Akrostik (n.d.). https://www.coursehero.com/file/93218065/Rubric-sa-Paggawa-ng-Akrostikdocx/

Rubrics (Sanaysay o Essay) (n.d.). https://www.scribd.com/document/610806814/RUBRICS-SANAYSAY-O-ESSAY

Sanaysay Editorial Team (2023, July 5). Ano ang Kasaysayan. https://www.sanaysay.ph/ano-ang-kasaysayan/

The Council for Research in Values and Philosophy (1994). Values in Philippine Culture and Education. Library of Congress Cataloging-in-Publication. https://www.crvp.org/publications/Series-III/III-7.pdf

Villanueva, V. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House


| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**I. Maikling Balik-aral**<br>Sa munting balik-aral na ito, gamitin ang *Wheel of Names website* para pumili ng sasagot. Ang napiling sasagot ay bibigyan ng pagkakataon na magbigay ng wastong hakbang hinggil sa tamang pagtitipid ng tubig at enerhiya sa pang-araw-araw na buhay. Pagkatapos makapagbigay ng mag-aaral ng tamang sagot, bibigyan siya ng pagkakataon ng paikutin ang roleta upang makapili ng bagong sasagot. | Ito ay isang modelong banghay-aralin lamang. Maaaring baguhin ng guro ang mga gawain na naaayon sa kasanayan na dapat malinang, sa kakayahan ng kaniyang mag-aaral, at sa oras na nakalaan sa aralin.<br><br>**Maikling Balik-aral**<br>Maaari ring gumamit ng ibang pamamaraan kung walang *internet connection.* |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>


Wheel of Names: https://wheelofnames.com/<br>
Pamprosesong katanungan na mag-uugnay sa nakaraang aralin:<br>
Ano ang mga halimbawa sa kasaysayan ng ating bayan kung saan ang mga pangyayari ay nagdulot ng pangmatagalang epekto sa pamamahala ng likas na yaman, tulad ng mga mapagkukunan ng tubig at enerhiya?<br>
Ang kasaysayan ay may malalim na kahalagahan sa pagbibigay ng katuruan na magagamit sa kasalukuyan sa maraming paraan. Sa bagong aralin, ating tatalakayin ang impluwensiya ng kasaysayan sa ating pakikipagkapuwa.
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
I. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>
KULTURA-KASAYSAYAN-KAHALAGAHAN<br>
Magbigay ng mga tradisyon o kultura sa iyong komunidad at alamin kung ano ang kasaysayan, kahalagahan, at bakit ito ipinagdiriwang.
<table>
<tr><th>Kultura o Tradisyon</th><th>Kasaysayan</th><th>Kahalagahan</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
Pamprosesong Katanungan:<br>
1. Bakit mo napili ang partikular na kultura o tradisyon?<br>
2. Bakit mahalaga na ipagpatuloy ang tradisyon o kultura sa ating bayan?<br>
3. Paano ito naglalarawan ng uri ng pamumuhay sa inyong komunidad?<br>
4. Ano ang epekto ng gawaing ito sa inyong pakikipag-ugnayan sa komunidad?<br>
5. May impluwensiya ba ang nasabing kultura o tradisyon sa pakikitungo ninyo sa isa’t isa bilang magkakapitbahay?
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | **II. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>Ipakita ang mga salita sa mag-aaral at tanungin sila tungkol sa kanilang mga nalalaman o nauunawaan sa mga ito.<br>**KASAYSAYAN** \| **MAINGAT NA PAGHUHUSGA** \| **ISYU**<br><br>**Bokabolaryo:**<br>**Kasaysayan:**<br>Ang kasaysayan ay ang pag-aaral at pagsusuri sa mga pangyayari, mga taong namuhay, at mga kaganapan na nagdaan sa nakaraan.<br>**Maingat na Paghuhusga:**<br>Ang maingat na paghuhusga o *prudence* ay ang kakayahang magdesisyon at kumilos nang maingat at may kabatiran o malawak na pag-unawa sa isang sitwayson o isyu.<br>**Isyu:**<br>Ito ay tumutukoy sa mga suliraning panlipunan, pang-ekonomiya, pangkapaligiran, o pampolitika na may malawakang epekto sa lipunan at bansa bilang kabuoan. | |
| **Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Impluwensiya ng Kasaysayan sa Pakikipagkapuwa**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang Pilipinas ay nagtataglay ng mayamang kasaysayan, hindi maitatangging nagkaroon ito ng malalim na impluwensiya sa pag-unlad ng diwa ng pakikipagkapuwa sa ating lipunan. Mula sa mga sinaunang kabihasnan hanggang sa modernong panahon, ang mga pangyayari at kaganapan ay nag-ambag ng malaking bahagi sa paghubog ng kaisipang ito. Sa bawat yugto ng kasaysayan ng bansa, masusing tinutuklas ng mga Pilipino ang halaga ng pagtutulungan, pagmamalasakit sa kapuwa, at pagkakaisa. Ang kasaysayan ng Pilipinas, na puno ng mga tagumpay at pagsubok, ay naglalarawan ng pag-unlad at pag-usbong ng diwa ng pakikipagkapuwa na nagbubukas ng mga pinto tungo sa mas makatarungan at mas mapayapang lipunan.<br>Narito ang ilang aspekto ng kasaysayan ng Pilipinas na nagkaroon ng malaking impluwensiya sa pakikipagkapuwa ng mga Pilipino: | |

| | | |
|---|---|---|
| | **1. Kultura at Tradisyon**<br>● Ang mga tradisyonal na pamumuhay at kultura ng mga Pilipino ay naglalaman ng mga halaga ng pakikipagkapuwa. Ang pagtutulungan at pagkakaroon ng malasakit sa isa't isa ay mga halong nakapaloob sa mga pambansang kaugalian at pagdiriwang.<br>● Ang mga taunang pagdiriwang tulad ng Pista ng Bayan, Flores de Mayo, at iba pang tradisyonal na kaganapan ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagtutulungan at pagkakaroon ng malasakit sa kapuwa. Ito ay nagbibigay-daan para sa mga Pilipino na magsama-sama, magtulungan, at magtagumpay bilang isang komunidad.<br>**2. Kolonisasyon**<br>● Ang mga taon ng kolonisasyon ng mga Espanyol, Amerikano, Hapones, at iba pa ay may malalim na epekto sa kultura at pananaw ng mga Pilipino. Sa ilalim ng pananakop, naitatag ang iba't ibang sistema ng pamahalaan at edukasyon na nag-ambag sa paghubog ng pagpapahalaga sa pakikipagkapuwa.<br>● Sa gitna ng mga yugto ng kolonisasyon, ipinakita ng mga Pilipino ang kanilang diwa ng pakikipagkapuwa sa pamamagitan ng pag-aalsa at paglaban. Ang Katipunan, sa pamumuno ni Andres Bonifacio, ay isang halimbawa ng pagkakaisa at pagtutulungan ng mga Pilipino para sa kalayaan mula sa dayuhan.<br>**3. Kababaihan sa Kasaysayan**<br>● Ang papel ng kababaihan sa kasaysayan ng Pilipinas, mula sa mga bayani tulad ni Gabriela Silang at Teresa Magbanua hanggang sa mga modernong lider tulad ni Corazon Aquino, ay nagpapakita ng kanilang malaking kontribusyon sa lipunan at pagtataguyod ng pakikipagkapuwa.<br>**4. Modernisasyon at Globalisasyon**<br>● Ang pag-unlad at pagbabago sa lipunan kasama ang pagpasok ng modernisasyon at globalisasyon ay nagbubukas ng iba't ibang oportunidad ngunit nagdadala rin ng mga hamon. Ang mga ito ay nagbibigay-inspirasyon para sa mga Pilipino na magtaguyod ng diwa ng pakikipagkapuwa sa gitna ng pagbabago.<br>**5. Kahirapan at Krisis**<br>● Ang mga pagsubok tulad ng kahirapan, kalamidad, at krisis ay nagbibigay-pagkakataon para sa mga Pilipino na ipakita ang | *Link* para sa mga karagdagang kaalaman:<br><br>Dapat pa bang ipagpatuloy ang kultura, tradisyon, at kaugalian ng pamilyang Pilipino?<br>https://financeideablog.wordpress.com/2017/07/10/dapat-pa-bang-ipagpatuloy-ang-kultura-tradisyon-at-kaugalian-ng-pamilyang-pilipino/<br><br>Ano ang Kolonyalismo?<br>https://www.sanaysay.ph/ano-ang-kolonyalismo/<br><br>Mga Kababaihan sa Likod ng Kasaysayan:<br>https://www.dwiz882am.com/index.php/mga-kababaihan-sa-likod-ng-kasaysayan/<br><br>Modernisasyon at Globalisasyon:<br>https://philcsc.wordpress.com/2014/03/09/modernidad-globalisasyon-ni-e-san-juan-jr/<br><br>Nakaraos tayo dahil sa pagtutulungan natin:<br>https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/opinyon/2021/03/26/2087 |

| | | |
|---|---|---|
| | kahalagahan ng pakikipagkapuwa sa pamamagitan ng pagtulong at pagtutulungan sa panahon ng pangangailangan.<br>**Impluwensiya ng Kasaysayan sa Pagiging Mabuting Pilipino Tungo sa Pagharap sa mga Isyu ng Bayan**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ang kasaysayan ng isang bansa ay may malaking impluwensiya sa pagbuo ng kultura at pag-uugali ng mga mamamayan nito. Ang mga karanasan, tradisyon, at pangyayari sa nakaraan ay nagbubukas ng mga pintuan para sa pag-unlad at pag-usbong ng pagkakakilanlan natin bilang mga Pilipino. Narito ang ilang mga aspekto kung paano nakakaapekto ang kasaysayan ng bansa sa pagiging mabuting Pilipino tungo sa pagharap sa mga isyu ng bayan:<br>**1. Pagpapahalaga sa Kalayaan at Demokrasya**<br>**Isyu: Pagsusupil sa malayang pamamahayag at karapatan ng mamamayan**<br>Ang kasaysayan ng pakikibaka para sa kalayaan at demokrasya, tulad ng *EDSA People Power Revolution*, ay nagpapahayag ng kahalagahan ng malayang pamamahayag. Ito ay nagbibigay-inspirasyon para sa pagtatanggol ng mga karapatan at pagpapahalaga sa demokratikong proseso.<br>**2. Pagpapahalaga sa Bayan**<br>**Isyu: Katiwalian sa pamahalaan at kawalan ng tiwala sa mga lider**<br>Ang kasaysayan ng pagtutol sa mapanupil na pamahalaan at pagsusulong para sa tapat na pamamahala ay nagbibigay-inspirasyon para sa mga Pilipino na itaguyod ang pagpapahalaga sa bayan. Ang pag-aalsa laban sa mga tiwaling opisyal, tulad ng kaso ng pagpapatalsik kay dating Mayor Antonio Sanchez ng Calauan, Laguna, dahil sa mga alegasyon ng pagkakasangkot sa krimen at korapsiyon. Ang ganitong mga pangyayari ay nagpapakita ng kahalagahan ng integridad at paglilingkod sa bayan sa mga namumuno sa lokal na antas.<br>**3. Pagpapahalaga sa Kaunlaran**<br>**Isyu: Kawalan ng trabaho at kahirapan**<br>Ayon sa *Philippine Statistics Authority* (PSA) noong 2023, mas lalo pang tumindi ang kawalan ng trabaho sa Pilipinas matapos umabot ito sa 4.8 ang *employment rate* sa bansa. Gayon din na umabot sa 13.2 milyong Pinoy ang nagsabi na sila ay mahirap, batay sa sarbey ng *OCTA Research* | 003/nakakaraos-tayo-dahil-sa-pagtutulungan-natin |

| | | |
|---|---|---|
| | *Group* noong *second quarter* ng 2023. Ang pagsusulong para sa ekonomikong kalayaan at pag-unlad ay nagbibigay-inspirasyon para sa mga Pilipino na magtulungan para masugpo ang kahirapan at magtagumpay sa kabila ng mga pagsubok.<br>**4. Pagpapahalaga sa Kalikasan**<br>**Isyu: Pagbabago ng klima at *environmental degradation*~~.~~**<br>Ang mga karanasan ng Pilipinas sa mga natural na kalamidad~~,~~ tulad ng bagyong Yolanda~~,~~ ay nagbibigay-inspirasyon para sa pangangalaga sa kalikasan at pagsusulong ng *environmental sustainability*.<br>**5. Pagpapahalaga sa Kalusugan**<br>**Isyu: Kakulangan sa *healthcare services at access* sa kalusugan~~.~~**<br>Ang mga pangyayari sa kasaysayan, tulad ng pandemya ng COVID-19, ay nagpapakita kung gaano kahalaga ang kalusugan. Ang mga karanasan na ito ay nagiging inspirasyon para sa mga Pilipino na itaguyod ang pangangalaga sa kalusugan sa pamamagitan ng pagsusulong ng mas mahusay na *healthcare system at access* sa mga serbisyong pangkalusugan.<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Ano ang iyong natutuhan tungkol sa kahalagahan ng mga isyung tinalakay at paano nito naaapektohan ang iyong paghuhusga bilang isang mabuting Pilipino?<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 3: Pagsasakilos ng mga Pagpapahalagang may Kaugnayan sa Pakikipagkapuwa mula sa Kasaysayan**<br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Sa gitna ng mga isyung kinakaharap ng bansa, maaaring tuklasin at isabuhay ng mga mamamayan ang mga pagpapahalagang ito upang maisakilos ang diwa ng pagiging mabuting Pilipino. Sa pamamagitan ng pag- pagtulong sa kapuwa, tayo ay nakikibahagi at nagiging tulay tungo sa isang mas makatarungan at maunlad na bansa. | **Gawain 1:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Mga Karagdagang Impormasyon:**<br>Pahayag ng Commission on Human Rights sa ika-36 Anibersaryo ng EDSA People Power Revolution https://chr.gov.ph/pahayag-ng-commission-on-human-rights-sa-ika-36-anibersaryo-ng-edsa-people-power-revolution/ - Katiwalian sa Gobyerno https://www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2023/08/05/2286344/katiwalian-sa-gobyerno - Kawalan ng Trabaho https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2023/03/09/225043 |

| | | |
|---|---|---|
| | Narito ang ilang kongkretong hakbang na maaari nating gawin upang maisakilos ang mga pagpapahalagang nagmumula sa kasaysayan ng ating bansa:<br>1. **Bolunterismo** - Sumali sa mga organisasyon o grupo na nagtataguyod ng bolunterismo. Maglaan ng oras para makilahok sa mga aktibidad tulad ng *medical missions, feeding programs,* at *environmental clean-up drives.*<br>2. ***Educational Campaigns*** - Mag-organisa sa iyong komunidad ng kampanya na naglalayong magbigay-kaalaman patungkol sa kasaysayan ng bansa na nakakatulong para mapaunlad ang samahan at pakikipagkapuwa ng bawat isa. Maaari itong isagawa sa mga paaralan, *barangay hall*, o *online platforms*.<br>3. ***Community Outreach Programs*** - Itaguyod ang mga programa para sa kapakanan ng komunidad tulad ng libreng konsulta sa kalusugan, pagsasanay sa pangkabuhayan, at mga proyektong pang-edukasyon.<br>4. **Pagbuo ng *Advocacy Groups*** - Magtatag o sumali sa mga grupo ng mamamayan na may layuning itaguyod ang mga pagpapahalagang may kinalaman sa pakikipagkapuwa. Maaaring ito ay may kinalaman sa karapatang pantao, kalikasan, o ekonomikong katarungan.<br>5. ***Empowerment Programs*** - Mag-organisa ng mga *empowerment programs*, lalo na para sa mga sektor ng lipunan na mas nangangailangan tulad ng mga kabataan, kababaihan, at mga *marginalized* na komunidad. Ito ay maaaring maglaman ng mga *workshop, skills training*, at *livelihood programs*.<br>6. **Pamumuno nang Magandang Halimbawa** - Maging halimbawa sa iyong komunidad sa pamamagitan ng pagpapakita ng integridad, pagiging maalaga sa kapuwa, at pagtutok sa mga adhikain na magdadala ng kabutihan sa nakararami.<br>7. **Partisipasyon sa *Local Governance*** - Sumali sa mga *local governance initiatives* at maging bahagi ng mga proyektong may layuning mapabuti ang kalagayan ng iyong lugar. Makilahok sa mga konsultasyon at pagpupulong para maihatid ang mga boses ng komunidad.<br>8. **Pagtuturo ng Kasaysayan** - Gawing bahagi ng edukasyon ang pagtuturo ng kasaysayan ng bansa, hindi lamang ang mga pagsasalaysay ng tagumpay kundi pati na rin ang mga pagkakamali at | 2/walang-trabaho-sa-pilipinas-lumobo-sa-237-milyon<br>Kahirapan sa Pilipinas<br>https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2023/09/20/2297549/132-milyong-pinoy-mahirap-noong-2nd-quarter-ng-2023-octa<br>Bagyong 'Yolanda' gawa ng tao?<br>https://www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2013/11/17/1257789/bagyong-yolanda-gawa-ng-tao<br>Fundamental Lessons from the COVID-19 Pandemic<br>https://www.global-solutions-initiative.org/press-news/fundamental-lessons-from-the-covid-19-pandemic-global-solutions-summit-2020-opening-address/<br>***Link* para sa mga karagdagang kaalaman:** Bolunterismo:<br>https://lasociedadweb.wordpress.com/2016/10/16/bolunterismo/<br>What is a campaign?<br>https://www.guildofstudents.com/representation/campaigns/what-is-a-campaign/#:~:text=A%20Student%20Campaign%20is%20sustained,fees%20or%20international%20student%20visas Community Outreach and Social Responsibility:<br>https://www.linkedin.com/pulse/community-outreach-social-responsibility-attracting-talent-alston-uqshc?trk=article-ssr- |

| | | |
|---|---|---|
| | mga pagsubok na dumaan ang bansa. Ituro ang mga aral mula dito na nagbibigay-diin sa pagiging mabuting Pilipino.<br><br>**II. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Ilahad ang mga Nais para sa Komunidad**<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br>**III. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Ang layunin ng gawaing ito ay hikayatin ang mga mag-aaral na ipahayag ang kanilang mga personal na adbokasiya sa pamamagitan ng pagbuo ng *placard*. Ang pagbuo ng *placard* ay naglalayong magbigay-daan para sa masiglang pagpapahayag at pagtataguyod ng mga pagnanasa o layunin ng bawat isa. Hayaan ang bawat mag-aaral na pumili ng isang personal na adbokasiya na may malalim na kahulugan sa kanilang buhay. Puwedeng ito'y may kinalaman sa karapatan, kalikasan, edukasyon, kalusugan, o anomang paksang napili nila. Magkaroon ng *gallery walk* kung saan ang bawat isa ay maaaring makakita ng *placard* ng kanilang kapuwa mag-aaral.<br>Pamprosesong Katanungan:<br>1. Paano nakatulong ang aktibidad na ito sa pagsusuri at pagpapahayag ng iyong personal na adbokasiya?<br>2. Ano ang naging damdamin o reaksiyon mo sa mga adbokasiya ng iyong kapuwa mag-aaral?<br>3. Paano ninyo maisasakatuparan ang mga adbokasiya?<br>4. Ano ang kabutihang maidudulot kung maisakatuparan ang mga ito?<br>5. Paano ninyo hihikayatin ang inyong kapuwa na makisama sa inyong adbokasiya? | frontend-pulse_more-articles_related-content-card<br>Advocacy Groups:<br>https://study.com/academy/lesson/advocacy-groups-definition-examples.html#:~:text=Advocacy%20groups%20educate%20and%20fight,and%20how%20they%20are%20run.<br>Empowerment:<br>https://www.children.org/see-the-impact/charity-programs/empowerment<br>What does "Lead by Example" mean?<br>https://www.betterup.com/blog/leading-by-example#:~:text=To%20lead%20by%20example%20means,no%20place%20in%20today's%20world.<br>Increase Participation in Local Government:<br>http://fourthplan.org/action/public-participation<br>Teaching History:<br>https://www.philstar.com/opinion/2023/05/08/2264615/teaching-history<br>**Gawain 2:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral*<br>**Ilahad ang mga Nais para sa Komunidad**<br>Ipapasa ang ginawang *script* upang ito ay mabigyan ng tugon o *feedback* base sa pinasang *video recording*. Maaaring gawing takdang-aralin ang paggawa ng placard sa ikatlong araw. |

| | | |
|---|---|---|
| **Paglalahat** | 1. **Pabaong Pagkatuto**<br>**BINTANA NG PAG-UNAWA**<br>2. **Pagninilay sa Pagkatuto** | **Gawain 5:** *Tingnan ang worksheet para sa aktibidad na gagawin ng mga mag-aaral* |

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **Pagtataya** | **Pagsusulit**<br>**Tama o Mali:** Isulat ang "T" kung Tama ang pahayag at "M" kung Mali. Isulat ang sagot sa patlang. (1 puntos bawat tanong)<br>_____1. Ang mga tradisyonal na pamumuhay at kultura ng mga Pilipino ay mayroong mga halaga ng pakikipagkapuwa, at ito'y nakapaloob sa mga pambansang kaugalian at pagdiriwang.<br>_____2. Sa ilalim ng kolonisasyon, naitatag ang iba't ibang sistema ng pamahalaan at edukasyon na nag-ambag sa paghubog ng pagpapahalaga sa pakikipagkapuwa.<br>_____3. Ang papel ng kababaihan sa kasaysayan ng Pilipinas ay nagpapakita ng kakaunting kontribusyon sa lipunan at pagtataguyod ng pakikipagkapuwa.<br>_____4. Ang modernisasyon at globalisasyon ay nagdadala ng iba't ibang dagok at hamon, na sumisira ng diwa ng bawat Pilipino.<br>_____5. Ang mga pagsubok tulad ng kahirapan, kalamidad, at krisis ay nagbibigay- pagkakataon para sa mga Pilipino na ipakita ang kahalagahan ng pakikipagkapuwa.<br>**Pagtatala:**<br>1-5. Magbigay ng mga isyung may kinalaman sa kasaysayan ng bansa na nakakaapekto sa pakikipagkapuwa.<br>6-10. Magbigay ng kongkretong hakbang upang maisakilos ang mga pagpapahalagang nagmumula sa kasaysayan ng ating bansa.<br>**Sanaysay:**<br>Paano mo maisasabuhay sa iyong paaralan at tahanan ang mga pagpapahalagang may kaugnayan sa pakikipagkapuwa na nagmula sa kasaysayan ng bansa? | Sagot:<br>1. T<br>2. T<br>3. M<br>4. M<br>5. T<br>Pagtatala:<br>Tanggapin ang mga praktikal na sagot.<br>Maaaring sagot sa 1-5:<br>1. Rebolusyon<br>2. Katiwalian sa Gobyerno<br>3. Kahirapan at kawalan ng trabaho<br>4. Pagbabago ng klima o pagkasira ng kalikasan<br>5. Kakulangan sa *healthcare services* at *access* sa kalusugan.<br>Maaaring sagot sa 6-10:<br>1. Bolunterismo<br>2. *Educational Campaigns:*<br>3. *Community Outreach Programs*<br>4. Pagbuo ng *Advocacy Groups*<br>5. *Empowerment Programs* |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3"></td><td>6. Pamumuno ng Magandang Halimbawa<br>7. Partisipasyon sa *Local Governance*<br>8. Pagtuturo ng Kasaysayan</td></tr>
<tr><td rowspan="5">**Pagbuo ng Anotasyon**</td><td>**Itala ang naobserbahan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.**</td><td>**Epektibong Pamamaraan**</td><td>**Problemang Naranasan at Iba pang Usapin**</td><td rowspan="5"></td></tr>
<tr><td>***Estratehiya***</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>***Kagamitan***</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>***Pakikilahok ng mga Mag-aaral***</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>***At iba pa***</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>**Pagninilay**</td><td colspan="3">*Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?*</td><td></td></tr>
</table>